SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY

# Mga Benepisyo 101: Pagtulong sa mga Tagapagbigay ng Serbisyo sa Komunidad para Ikonekta ang mga Tao sa mga Serbisyo at Benepisyo




Nobyembre 13, 2025

# Para Kumonekta sa Zoom Interpretation

- Sa iyong computer, igalaw ang iyong mouse upang lumitaw ang bar sa ibaba ng iyong screen. Makakakita ka ng isang maliit na globo doon. I-click ito at piliin ang iyong gustong wika.
- Sa iyong smartphone, tablet o iPad, pindutin ang iyong screen upang lumabas ang menu ng mga opsyon. I-click ang tatlong tuldok o MORE na opsyon at pagkatapos ay piliin ang LANGUAGE INTERPRETATION (INTERPRETASYON NG WIKA), pagkatapos ay pindutin ang iyong gustong wika at pagkatapos ay i-click ang TAPOS NA.
- Dapat mong makita ang globo sa iyong computer. Kung ang ginamit mo ay smartphone, tablet o iPad, hanapin ang function ng interpretasyon sa seksyong MORE o sa menu na may tatlong tuldok. Huwag kalimutang pindutin ang DONE kapag napili mo na ang iyong gustong wika.

# Q&A (Tanong at Sagot) Logistics

Pakihanap ang button na Q&A sa iyong screen para maisumite ang iyong mga tanong sa iyong gustong wika sa buong presentasyon



SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY

# Kunal Modi

## Policy Chief, Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao para sa San Francisco



SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY

# Naglilingkod kami sa 1 sa 4 na tao sa San Francisco



**Pangkaligtasang panlipunan ng San Francisco:**

Mga serbisyo, suporta, at benepisyong pampubliko na idinisenyo upang matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng mga indibidwal, bata, at pamilya na may mababang kita, mga nakakatanda, at mga nasa hustong gulang na may mga kapansanan.

**Trent Rhorer, SFHSA, Executive Director**

# Adyenda

1. **Pangkalahatang-ideya ng SFHSA**
   Phillip Mau, SFHSA, Program Director of Alignment and Guidance
2. **Parating na Pagbabago sa Medi-Cal sa mga Patakaran ng Estado at Pederal (H.R.1)**
   Phillip Mau, SFHSA, Program Director of Alignment and Guidance
3. **Parating na Pagbabago sa CalFresh sa mga Patakaran ng Estado at Pederal (H.R.1)**
   Phillip Mau, SFHSA, Program Director of Alignment and Guidance
4. **Trabaho + Pera**
   Phillip Mau, SFHSA, Program Director of Alignment and Guidance
5. **Legal na Pagbabago sa Mga Imigrante at Pampublikong Benepisyo**
   Ariel Brown, Immigrant Legal Resource Center (ILRC), Senior Staff Attorney
6. **Mga Mapagkukunan para sa mga Imigrante sa San Francisco**
   Richard Whipple, Office of Civic Engagement & Immigrant Affairs (OCEIA), Deputy Director
7. **Q&A (Tanong at Sagot)**
   Phillip Mau, SFHSA, Program Director of Alignment and Guidance

# Pangkalahatang-ideya ng aming Ahensya




**Ang Aming Misyon:** Ang SFHSA ay naghahatid ng mahahalagang serbisyo na sumusuporta at nagpoprotekta sa mga tao, pamilya, at komunidad. Kami ay nakikipagtulungan sa mga organisasyon sa kapitbahayan at nagtataguyod para sa mga pampublikong patakaran para mapabuti ang kapakanan at oportunidad sa trabaho para sa lahat ng taga-San Francisco.

# Mga Programa at Serbisyo



SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY



# Parating na Pagbabago sa Medi-Cal sa mga Patakaran ng Estado at Pederal (H.R.1)


**Phillip Mau, SFHSA, Program Director of Alignment and Guidance**

# Ano ang Medi-Cal

Ang Medi-Cal ay isang programa ng pampublikong pangkalusugan na nag-aalok sa mga kwalipikadong indibidwal at pamilya na libre o murang pangangalagang pangkalusugan at sa ngipin.

Kung hindi ka kwalipikado para sa Medi-Cal, maaari kaming magrekomenda ng iba pang abot-kayang opsyon sa pangangalagang pangkalusugan.

**Takdang panahon ng aplikasyon**: 45 araw para masuri ng SFHSA ang isang application sa Medi-Cal



# Medi-Cal: Pagiging kwalipikado batay sa kita

## Mga Limitasyon sa Kita ng Medi-Cal

| Populasyon | Mga Alituntunin sa Kita para sa Libreng Medi-Cal (2025) |
| --- | --- |
| Mga walang asawang nasa hustong gulang na 19-64 na taong gulang | Pinakamataas na $1,801/buwan |
| Mga nasa hustong gulang na 65+, may problema sa paningin o may mga kapansanan | Halimbawa: Pinakamataas na $2,433/buwan para sa isang sambahayan na may 2 katao |
| Mga batang wala pang 19 taong gulang | Halimbawa: Pinakamataas na $4,690/buwan para sa isang sambahayan na may 2 katao |
| Mga buntis | Halimbawa: Pinakamataas na $2,780/buwan para sa isang buntis na nag-iisa |

Kung ang kita ng iyong kliyente ay lumampas sa mga alituntunin sa kita na nakalista sa itaas, maaari pa din silang maging kwalipikado para sa Medi-Cal na may Share of Cost o iba pang mga programa ng Medi-Cal.

**Paalala:** Mangyaring ipaalala sa mga kliyente na kumpletuhin ang taunang pag-renew para mapanatili ang kanilang Medi-Cal.

# Mga Paparating na Pagbabago sa Patakaran ng Medi-Cal Dahil sa H.R.1

**2026**

**Enero 2026**
- Pagpapatigil sa pagpapatala sa Medi-Cal para sa mga walang dokumentong imigrante na 19 at mas matanda*
- Limitasyon ng asset ng Medi-Cal para sa mga mas nakakatandang nasa hustong gulang at mga taong may kapansanan

**Hulyo 2026**
- Walang benepisyo sa ngipin ng Medi-Cal para sa mga walang dokumentong imigrante na 19 at mas matanda

**Oktubre 2026**
- Pagwawakas ng pederal na pagpopondo ng Medicaid para sa ilang partikular na imigrante

**2027**

**Enero 2027**
- Mga mas madalas na pag-renew sa Medi-Cal
- Mga bagong kinakailangan sa trabaho ng Medi-Cal
- Binawasang retroactive na coverage ng Medi-Cal

**Hulyo 2027**
- Magsisimula ang mga premium sa Medi-Cal para sa mga walang dokumentong imigrante*

*Ang kasalukuyan at dating kabataan na nasa foster care na walang dokumento ay hindi kasama sa pagpapatigil sa pagpapatala at mga bagong premium ng estado hanggang maging 26 sila. Hindi rin kasama ang mga taong buntis.

# Medi-Cal: Mga paghihigpit sa pagpapatala para sa mga walang dokumentong imigrante

## Magkakaroon ng bisa sa Enero 1, 2026

Ang mga nasa hustong gulang na 19 at mas matanda na may "Hindi Kasiya-siyang Katayuan sa Imigrasyon" (Unsatisfactory Immigration Status, UIS)* ay kwalipikado para sa "pinaghihigpitang coverage" **lang** (para saklawin ang pang-emergency na pangangalaga).

- Mananatili sa mga nakatala noong 12/31/25 → ang "buong saklaw" na coverage kung makukumpleto ang mga pag-renew at sila ay kwalipikado
- Limitado ang window para ayusin ang pagpapahinto (90 araw). Pagkatapos noon, kwalipikado ang UIS para sa "pinaghihigpitang coverage" lang
- Mga pagbubukod:
  - Mga batang wala pang 19
  - Mga taong buntis
  - Dating/kabataan sa foster care hanggang sa maging 26 siya

*Sa ilalim ng kahulugan ng estado, kabilang sa "mga taong may hindi kasiya-siyang katayuan" o UIS ang mga walang dokumento at iba pang maliliit na grupo ng pansamantalang katayuan (hal., mga visa bilang mag-aaral at bisita). Tingnan dito para sa higit pang detalye: **https://www.dhcs.ca.gov/Medi-Cal/Pages/immigration-status-categories.aspx**

# Medi-Cal: Mga limitasyon sa asset

## Magkakaroon ng bisa sa Enero 1, 2026

Ibinalik ang limitasyon sa asset para sa mga mas nakakatandang nasa hustong gulang at mga taong may kapansanan:

- $130K para sa mga indibidwal at $65k para sa bawat karagdagang miyembro ng sambahayan (hanggang 10).

Pangunahing maaapektuhan ng pagbabagong ito ang:

- Mga taong mahigit 65;
- Mga indibidwal na may kapansanan; at
- Mga residente ng nursing home

Ang ilang mapagkukunan—tulad ng pangunahing residential na tahanan, isang kotse, mga gamit sa sambahayan, at ilang uri ng savings—ay hindi kabilang.

**Paalala:** Ang mga panuntunan sa buwanang kita para sa Medi-Cal ay hindi nagbago.

# Medi-Cal: Mga mas madalas na pag-renew

## Magkakaroon ng bisa sa Enero 1, 2027

Dapat tukuyin ulit ng SFHSA ang pagiging kwalipikado **bawat 6 na buwan** sa halip na bawat taon para sa "ACA Expansion Group" na pangunahing:

- 19 hanggang 64 na taong gulang, at
- Walang mga anak na mas bata sa 19 taong gulang
- Hindi kwalipikado sa Medi-Cal sa ilalim ng mga tradisyonal na kategorya (tulad ng kapansanan, pagbubuntis)

Nangyayari sa antas ng indibidwal ang cycle ng pag-renew, kaya posibleng magkaroon ng magkakaibang petsa ng pag-renew ang mga miyembro ng pamilya (hal., Ang mga nasa hustong gulang na nasa ACA expansion group ay nagre-renew bawat 6 na buwan, ang ibang miyembro ng pamilya ay bawat 12 buwan).

- Ang ilan ay awtomatikong mare-renew batay sa available na data, pero limitado ang opsyong ito.

# Medi-Cal: Limitadong pagiging kwalipikado ng imigrante

## Magkakaroon ng bisa sa Oktubre 1, 2026

Tatapusin ang pederal na pagpopondo ng Medicaid para sa ilang partikular na imigrante kasama ang:

- Mga Refugee
- Mga Parolado
- Mga Asylee
- Mga biktima ng trafficking
- Iba pang hindi mamamayan na dating kwalipikado

Ang mga indibidwal na ito ay ililipat sa Full-Scope Medi-Cal nang **walang mga benepisyo sa ngipin.**

# Medi-Cal: Mga bagong kinakailangan sa trabaho

## Magkakaroon ng bisa sa Enero 1, 2027

Ang mga nasa hustong gulang na 19-64 sa ACA expansion group ay dapat ding magtrabaho, pumasok sa paaralan, o magsagawa ng serbisyo sa komunidad sa loob ng hindi bababa sa 80 oras bawat buwan; **o** magkaroon ng buwanang kita na hindi bababa sa $580.

- Mga pangunahing pagbubukod:
  - Mga taong buntis
  - Mga magulang na may mga anak na 13 taong gulang o mas bata
  - Mga taong may mga kapansanan/hindi makakapagtrabaho
  - Dating kabataan sa foster care na wala pang 26
  - Mga taong may mga malalang kundisyon sa kalusugan, kasama na ang mga substance use disorder
- Dapat i-verify sa panahon ng application at sa bawat muling pagtukoy

# Medi-Cal: Mas kaunting buwan ng coverage para sa mga medikal na bill mula noong bago pa ang aplikasyon

## Magkakaroon ng bisa sa Enero 1, 2027

Sa ngayon, makakatulong ang Medi-Cal na bayaran ang mga bill sa pangangalagang pangkalusugan mula sa hanggang tatlong buwan bago ang application.

Sa pagbabagong ito:

- Ang mga nasa hustong gulang na 19-64 sa ACA expansion group ay magkakaroon lang ng coverage para sa mga bill sa pangangalagang pangkalusugan mula sa isang buwan bago ang application,
- Ang lahat ng iba pa ay magkakaroon ng coverage para sa mga bill sa pangangalagang pangkalusugan mula sa dalawang buwan bago ang application.

SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY



# Parating na Pagbabago sa CalFresh sa mga Patakaran ng Estado at Pederal (H.R.1)

**Phillip Mau, SFHSA, Program Director of Alignment and Guidance**

# Ano ang CalFresh?

Ang pederal na Programa ng Pandagdag na Tulong sa Nutrisyon (Supplemental Nutrition Assistance Program, SNAP) ay nagbibigay ng mga buwanang benepisyo ng pagkain para sa mga indibidwal at pamilya na may mababang kita.

Tinatawag na "CalFresh" sa California, ito ang pinakamalaking programa ng tulong sa pagkain sa estado at naglalayong bawasan ang gutom at pahusayin ang access sa masustansya at abot-kayang pagkain.

Nagbibigay ang CalFresh ng mga buwanang benepisyo sa isang Electronic Benefit Transfer (EBT) card, tulad ng automated teller machine (ATM) card, para bumili ng pagkain sa mga retail na tindahan at farmers market na tumatanggap ng mga EBT card.

Ang halaga ng buwanang benepisyo ay nakabatay sa kita, mga gastusin, at laki ng sambahayan ng tao o sambahayan.



# CalFresh

## Mga Antas ng Benepisyo at Limitasyon sa Kita (Taon ng Piskalya ng Pederal (Federal Fiscal Year, FFY) 10/01/25 – 09/30/26)

| Laki ng Sambahayan | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | Bawat Karagdag ang Tao |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Maximum na Antas ng Benepisyo | $298 | $546 | $785 | $994 | $1,183 | $1,421 | $1,571 | $1,789 | + $218 |
| Kabuuang Kita (130% FPL) | $1,696 | $2,292 | $2,888 | $3,483 | $4,079 | $4,675 | $5,271 | $5,867 | + $596 |
| Kabuuang Kita (200% FPL) | $2,610 | $3,526 | $4,442 | $5,360 | $6,276 | $7,192 | $8,110 | $9,026 | + $918 |

**Paalala:** Palaging pinakamainam na mag-apply, dahil posibleng makaapekto sa pagiging kwalipikado ang mga indibidwal na sitwasyon at pagbubukod sa kita.

# Parating na Pagbabago sa CalFresh sa mga Patakaran ng Estado at Pederal (H.R.1)

2025 | 2026 | 2027 | 2028

**Nobyembre 2025**
- Nilimitahan ang State Utility Assistance Subsi dy (SUAS) sa mg a sambahayan ng nakakatanda/ may kapansanan

**Disyembre 2025**
- Garantisado ang $60 na minimum na benepisyo ng CalFresh para sa mga sambahayan na may mga mas nakakatandang nasa hustong gulang o may mga kapansanan

**Tinatayang Enero 2026 nakabinbin ang alituntunin ng Estado**
- Pinalawak na mga kinakailangan sa trabaho sa CalFresh

**Hunyo 2026**
- Pagtatapos ng CalFresh Healthy Living (SNAP-Ed)

**Oktubre 2026**
- Binawasan ang pederal na pagbabahagi sa gastos para sa pagpapatakbo ng CalFresh

# CalFresh: Pinalawak na mga kinakailangan sa trabaho

## Tinatayang petsa ng pagpapatupad Enero 1, 2026 (nakabinbin ang alituntunin ng Estado)

Natapos na ang waiver ng California sa kinakailangan sa trabaho sa CalFresh. Simula sa Enero 1, 2026, inaatasan ang maraming recipient ng CalFresh na matugunan ang mga pederal na kinakailangan sa trabaho sa ilalim ng mga bagong pinalawig na kahulugan.

Nag-a-apply ang mga kinakailangan sa trabaho sa Malalakas na Nasa Hustong Gulang na Walang Dependent (Able-Bodied Adults Without Dependents, mga ABAWD) o mga taong:

- Mga nasa hustong gulang na 18-64
- Nakakapagtrabaho
- Walang anak na mas bata sa 14 sa tahanan

Kung hindi maibubukod, simula sa Enero 1, 2026, ang mga taong napapailalim sa mga kinakailangang ito ay makakakuha lang ng 3 buwan ng mga benepisyo sa 3 taong panahon maliban kung matugunan nila ang ilang partikular na kinakailangan sa trabaho o maging kwalipikado para sa pagbubukod.

# CalFresh: Pinalawak na mga kinakailangan sa trabaho (ipinagpatuloy)

## Tinatayang petsa ng pagpapatupad Enero 1, 2026 (nakabinbin ang alituntunin ng Estado)

**Mananatili ang mga pagbubukod para sa sinumang:**

- Naninirahan kasama ang isang batang wala pang 14
- Hindi makapagtrabaho dahil sa isang kundisyon sa kalusugan ng katawan o pag-iisip
- Nagtatrabaho nang 30+ oras/linggo o kumikita nang $217.50+ bawat linggo
- Nasa paaralan nang hindi bababa sa kalahati ng panahon
- Ay buntis
- May substance abuse disorder o ginagamot
- Tumatanggap/nag-a-apply para sa Insurance sa Kawalan ng Trabaho
- Nag-aalaga ng taong may sakit o may kapansanan

**Kung hindi nakabukod, puwedeng matugunan ng isang tao ang mga kinakailangan sa trabaho sa pamamagitan ng paggawa <u>sa isa o higit pa</u> sa mga sumusunod:**

- Pagtatrabaho, sa average, ng 20 oras bawat linggo, hindi bababa ng 80 oras bawat buwan
- Pagboboluntaryo o paggawa ng serbisyo sa komunidad nang 20 oras bawat linggo, hindi bababa ng 80 oras bawat buwan
- Pagsasanay para sa trabaho nang 20 oras bawat linggo, hindi bababa ng 80 oras bawat buwan
- Pakikilahok sa isang trabahong isinaayos ng HSA, wala pang 20 oras bawat linggo*

*Ang bilang ng mga oras na kinakailangan bawat buwan ay tinutukoy sa pamamagitan ng paghahati sa halaga ng benepisyo ng CalFresh sa minimum na sweldo ng Lungsod

# CalFresh: Limitadong pagiging kwalipikado ng imigrante

## Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa TBD* (CalFresh) | Pederal

Tatapusin ang pederal na pagpopondo ng SNAP para sa ilang partikular na imigrante kasama ang:

- Mga Refugee
- Mga Asylee
- Mga biktima ng trafficking
- Iba pang hindi mamamayan na dating kwalipikado

Sinasagot na ng Programa ng Tulong sa Pagkain ng California (California Food Assistance Program, CFAP) ang ilang hindi mamamayan, pero **kailangang magpasya ng lehislatura ng estado kung sasaklawin ang mga bagong apektadong grupong ito**.

*Hinihintay ng SFHSA ang alituntunin ng Estado tungkol sa timing, karagdagang impormasyon. Bisitahin ang page na ito para sa mga update sa hinaharap: **SFHSA.org/BenefitsChanges**

# Karagdagang Suporta sa Pagkain

- **Mga Access Point ng Pagkain sa Sambahayan**: Mga organisasyong nakatuon sa mga pagkaing partikular sa kultura at linguistic na access.
- **San Francisco-Marin Food Bank Locator**: Online na tool para maghanap ng mga lingguhang libreng mga grocery, mga buwanang food box para sa mga nakakatanda, one-time na pang-emergency na pagkain at higit pa!
- **Summer EBT (SUN Bucks)**: Nagbibigay ng mga benepisyo ng pagkain sa mga kwalipikadong pamilyang may mababang kita na may mga anak na nasa edad na pumapasok sa paaralan kapag sarado ang mga paaralan. Ipinapadala sa kanilang mga tahanan ang mga summer EBT card. Bisitahin ang kanilang page para malaman ang higit pa nang maaga para sa susunod na tag-araw.

SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY

# Mga Trabaho + Pera



# Pagtulong sa Mga Kliyenteng Mag-apply para sa Tulong na Pera

**CAAP**
Para sa mga walang asawang nasa hustong gulang o magkapareha **na walang dependent na mga anak**

**CalWORKs**
Para sa mga buntis na indibidwal at mga magulang **na may dependent na mga anak**

- Kung mag-a-apply para sa isang programa ng tulong na pera, tulad ng **Mga Programa ng Tulong ng nasa Hustong Gulang ng County** (CAAP aka Pangkalahatang Tulong) o **CalWORKs**, mangyaring **PUMILI LANG NG ISANG** programa.
- Ang mga applicant ay kwalipikado lang sa isang programa. Ipinapayo naming mag-apply lang para sa kung saan mo natugunan ang mga pamantayan.

# Mga Programa ng Tulong ng nasa Hustong Gulang ng County (CAAP)

**Mga Serbisyong Inaalok:**

- Buwanang benepisyo na pera na hanggang $714
- Referral sa mga serbisyo para sa trabaho
- Referral sa mga serbisyo ng pagpapayo at kalusugan ng pag-uugali
- Suporta sa application para sa mga benepisyo ng may kapansanan sa SSI
- Access sa shelter at pabahay para sa mga kliyenteng walang tirahan

**Pamantayan sa Pangkalahatang Pagiging Kwalipikado:**

- Mga walang asawang nasa hustong gulang na 19-64 na taong gulang
- Nakatira sa San Francisco (15 magkakasunod na araw bago ang application)

**Limitasyon sa Kita at Mapagkukunan:**

- Maximum na $714 bawat buwan (net)
- Mga asset na hanggang $2,000 para sa isang indibidwal; $3,000 para sa magkapareha

# Mga Programa ng Tulong ng nasa Hustong Gulang ng County (CAAP)

| | Pangkalahatang Tulong (GA) | Mga Serbisyo para sa Trabaho na May Personal na Pagtulong (PAES) | Nakabinbing Pandagdag na Security Income (SSIP) |
|---|---|---|---|
| **Paglalarawan sa Programa** | Tulong na pera para sa mga nasa hustong gulang na mababa ang kita. | Stipend na pera at mga serbisyo para sa trabaho at pagsasanay para matulungan ang mga nasa hustong gulang na may mababang kita na magkaroon at makapagpanatili ng trabaho sa pamamagitan ng nilagdaang Plano para sa Trabaho | Tulong na pera para sa mga indibidwal na may medikal na pag-verify na mayroong kapansanan na tumagal o tatagal nang **12 magkakasunod na buwan o higit pa** |
| **Halaga ng Buwanang Grant (Kliyenteng Mayroong Tirahan)** | $578 | $714 | $714 |
| **Halaga ng Buwanang Grant (Kliyenteng Walang Tirahan)** | $59 | $72 | $72 |
| **Kinakailangan sa Residency** | **15 tuloy-tuloy na araw sa SF** bago ang petsa ng application | **30 tuloy-tuloy na araw sa SF** bago ang petsa ng application | **15 tuloy-tuloy na araw sa SF** bago ang petsa ng application |

# California Work Opportunity and Responsibility to Kids (CalWORKs)

**Mga Serbisyong Inaalok:**

- Tulong na pera para sa mga pamilya
- Pagpapatala sa CalFresh at Medi-Cal

**Mga Wrap-around na Serbisyo ng Suporta:**

- Tulong sa transportasyon
- Mga libreng diaper
- May subsidy na pag-aalaga ng bata
- Tulong sa pabahay
- Programang pagbisita sa tahanan para sa mga unang beses na magulang, mga pamilyang may mga anak na wala pang 2 taong gulang
- Mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali, pang-aabuso sa paggamit ng droga at pag-inom ng alak, at karahasan sa tahanan

**Timeline ng application:** Makakatanggap ng tawag sa telepono ang mga kliyente sa loob ng 7 araw ng trabaho pagkatapos mag-apply para mag-iskedyul para sa panayam.

# CalWORKs

## Mga Kinakailangan sa Pagiging Kwalipikado

- Katibayan ng Residency (gaya ng nakasulat na self-declaration)
- Katibayan ng Kita/Mga Mapagkukunan at Gastusin
- Wastong ID (available ang mga pansamantalang waiver)
- Mga Birth Certificate ng Mga Bata (kung wala pa sa file)
- Dokumentasyon ng Katayuan sa Pagkamamamayan o Imigrasyon
- Pagbubuntis o may mga anak na menor de edad
- Social Security Number

**Tandaan:** Hindi kailangan ng kliyente na magbigay ng dokumentasyon sa panahon ng application sa Organisasyon sa Komunidad (Community Based Organization, CBO). Kapag natanggap na ang application, magfa-follow up ang SFHSA sa kliyente para kunin ang anumang dokumentong kinakailangan.

# CalWORKs

**Paalala:** Palaging pinakamainam na mag-apply, dahil posibleng makaapekto sa pagiging kwalipikado ang mga indibidwal na sitwasyon at pagbubukod sa kita.

**Kita**

Ang kabuuang kita ng pamilya (kinita at hindi kinita) ay dapat:

1) **Mas mababa sa limitasyon ng Minimum na Basic na Pamantayan ng Sapat na Pangangalaga (Minimum Basic Standard of Adequate Care, MBSAC)** para sa laki ng pamilya nila
   - Isang Pamantayang Bawas na $450 sa bawat may trabahong nasa hustong gulang ang ibabawas sa kabuuang kita ng bawat pamilya . Nalalapat ang ibang bawas para sa kitang hindi kinita gaya ng suporta sa anak at sa kapansanan.

2) **Mas mababa sa Maximum na Bayad para sa Tulong** para sa laki ng pamilya nila

| Mga Taong Tumatanggap ng Tulong | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **1) Minimum na Basic na Pamantayan ng Pangangalaga (Minimum Basic Standard of Care, MBSAC)** | $930 | $1,526 | $1,892 | $2,244 | $2,561 | $2,880 | $3,166 | $3,445 | $3,738 | $4,056 |
| **2) Maximum na Bayad para sa Tulong*** | | | | | | | | | | |
| Non-Exempt | $734 | $930 | $1,175 | $1,416 | $1,659 | $1,902 | $2,145 | $2,389 | $2,631 | $2,876 |
| Exempt | $809 | $1,039 | $1,314 | $1,579 | $1,850 | $2,123 | $2,395 | $2,669 | $2,939 | $3,215 |

***Non-Exempt**: Magulang na itinuturing na available para sa trabaho; **Exempt**: Makakatanggap ang magulang ng ilang partikular na benepisyo ng may kapansanan o pamilyang pinapamunuan ng mga kamag-anak na hindi nangangailangan/hindi magulang

# Pag-develop sa Lakas Paggawa: JobsNOW!

**Para sa Mga Naghahanap ng Trabaho**

- Ikinokonekta ang mga kalahok sa programa ng benepsyo ng San Francisco sa pagsasanay sa trabaho at pag-develop sa kasanayan
- Tumutulong sa mga naghahanap ng trabaho na magsanay, maghanda, at mag-apply para sa mga trabaho
- Nag-aalok ng pagpapayo sa karera at pagsasanay sa trabaho

**Para sa Mga Employer**

- Suporta sa pagsasanay at pag-develop ng tauhan, na sumusuporta sa pangmatagalang pananatili at pagiging produktibo.
- Pag-reimburse sa sweldo ng employer sa panahon ng pagsasanay para sa JobsNOW!.
- Maaaring lumahok ang mga pribado at non-profit na employer

# Hub ng Mga Benepisyo at Mapagkukunan ng Kagawaran ng mga Serbisyo para sa May Kapansanan at Pagtanda (Department of Disability and Aging Services, DAS)

- Sinusulit ng mga programa ng DAS ang kapakanan, kaligtasan, at pagiging independent ng mga nasa hustong gulang na may mga kapansanan, mas nakakatandang tao, at beterano sa San Francisco.
- Pinapahusay ng Hub ng Mga Benepisyo at Mapagkukunan ng DAS ang access sa mga serbisyo sa kabuuan ng Lungsod, kasama na ang:
  - Tulong sa pagkain
  - Kaligtasan at proteksyon
  - Tulong sa pangangalagang pangkalusugan sa bahay at suporta sa tagapag-alaga
  - Mga programa sa kalusugan gaya ng Medi-Cal
  - Tulong sa mga benepisyo ng mga beterano
  - Pag-aaral at mga aktibidad para sa nasa hustong gulang
  - Mga programa para sa LGBTQ+ para sa mga mas nakakatandang nasa hustong gulang
- **Available ang mga serbisyo sa maraming wika at kapitbahayan**
- Mga Center ng Mapagkukunan para sa Pagtanda at Kapansanan

# Paano Mag-apply para sa Mga Benepisyo at Programa ng SFHSA

BenefitsCal.com o SFHSA.org

| Medi-Cal/CalFresh | CalWORKs | CAAP | DAS Hub |
|---|---|---|---|
| (855) 355-5757 | (855) 557-5100 | (833) 879-1365 | (415) 355-6700 |

- 170 Otis Street
- 1235 Mission Street
- 1440 Harrison Street
- 3120 Mission Street
- 2 Gough Street – DAS Hub

Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.

# Paano Makakatulong ang Mga Ka-partner ng CBO

- **Manatiling may alam:**
  - Mag-sign up para sa Quarterly na Newsletter para sa Partner
  - I-bookmark at pana-panahong suriin:
    - Ang page na Mga Mapagkukunan ng Partner sa Komunidad
    - Page na Mga Pagbabago sa Mga Pampublikong Benepisyo
- **Tulungan ang mga kliyenteng mag-apply at magpa-certify ulit para MAPANATILI ang kanilang mga benepisyo**
  - Mga bagong kliyente – mag-apply NGAYON para matanggap ang buong coverage ng Medi-Cal (Enero 1 ang deadline)
  - Mga kasalukuyang kliyente:
    - Kumpletuhin sa tamang oras ang mga form ng pag-renew at pag-uulat
    - Magpa-certify ulit bawat anim na buwan para MAPANATILI ang kanilang buong coverage sa Medi-Cal
- **Tumutulong na ikonekta ang mga bago at kasalukuyang kliyente sa mga oportunidad sa pagboluntaryo at/o pagtatrabaho**

# Mga Mapagkukunan ng Partner sa Komunidad

## [Tingnan ang aming webpage sa SFHSA.org]



SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY



# Legal na Update sa Mga Imigrante at Pampublikong Benepisyo

**Ariel Brown, Senior Staff Attorney**
**Center ng Mapagkukunang Legal para sa Imigrante (Immigrant Legal Resource Center, ILRC)**

# Dapat Makuha ng Mga Imigrante ang Tulong na Kailangan Nila!

- Hindi binabago ng mga panuntunang “Pampublikong Singil” kung sino ang kwalipikado para sa mga pampublikong benepisyo
- Maaapektuhan lang ng panuntunang Pampublikong Singil ang mga nag-a-apply para sa kanilang green card sa pamamagitan ng petisyon ng pamilya o isang petisyon ng employer o papasok sa U.S. :
  - Maaaring gamitin ng mga mamamayan ng U.S. ang anumang benepisyo nang walang takot.
  - Maaaring gamitin ng mga permanenteng residente, asylee, refugee, mga taong may U visa, T visa, VAWA, at marami pang iba ang lahat ng programa kung saan sila kwalipikado.
  - Ayos lang para sa mga miyembro ng pamilya ng mga imigrante na kumuha ng mga benepisyo, kasama na ang mga anak na mamamayan.
  - Walang test na pampublikong singil para maging isang mamamayan! Maaari kang gumamit ng mga benepisyo at mag-apply para sa pagiging mamamayan.
- Sa ngayon, walang naging pagbabago sa pampublikong singil ng kasalukuyang pederal na pamunuan
- Ligtas gamitin ang karamihan sa mga benepisyo!
- Pangkalahatang panuntunan: kung magiging kwalipikado ka, maaari mo itong gamitin

# Pampublikong Singil

## Matuto pa sa SFHSA.org/PublicCharge

**Ang mga programa sa kalusugan, nutrisyon, at pabahay ay ligtas gamitin ng lahat**

- Kung nag-a-apply ka para sa green card o pagpasok sa U.S. at napapailaim sa test na pampublikong singil, ang mga tanging programang isasaalang-alang ng mga opisyal ng imigrasyon ay:
  - Tulong na pera para sa mga programa ng pagpapanatili sa kita, gaya ng CalWORKs, CAAP, at SSI
  - Pangmatagalang pangangalaga ng institusyon na binabayaran ng pamahalaan
- Ang paggamit ng mga pampublikong benepisyo, kasama na ang tulong na pera at pangmatagalang pangangalaga, ay hindi itinuturing na pampublikong singil para sa maraming uri ng imigrante. Ang mga may hawak ng U at T visa, permanenteng residente, mamamayan ng U.S., refugee, asylee, at marami pang iba ay kwalipikado para sa mga benepisyo at hindi mahaharap sa "pampublikong singil".

**May available na libreng legal na payo:**

- Legal Advice Line ng Legal Aid ng Bay Area: **(800) 551-5554**
- Immigrants.sfgov.org

# Paano Naman ang Aking Sponsor?

- Ang paggamit ng mga benepisyo ay HINDI makakasama sa iyong sponsor sa California.

- Walang system ang California para atasan ang mga sponsor na "bayaran" ang mga benepisyong ginamit ng isang taong sino-sponsor.

- Maaaring isaalang-alang ang kita ng sponsor sa pagiging kwalipikado ng kita ng imigrante para tumanggap ng ilang partikular na pampublikong benepisyo. Tinatawag itong "deeming." Maaari itong mangahulugang hindi magiging kwalipikado para sa isang programa ang sino-sponsor na imigrante dahil lampas ang kita niya.

OCEIA SAN FRANCISCO OFFICE OF CIVIC ENGAGEMENT & IMMIGRANT AFFAIRS

# Mga Karapatan at Mapagkukunan ng Imigrante sa San Francisco

Mga lokal na patakaran, mapagkukunan, at programa para sa lahat ng imigrante






# Tungkol sa OCEIA

OCEIA

**Ang Opisina ng Sibikong Pakikilahok at Mga Usapin Ukol sa Imigrante (Office of Civic Engagement & Immigrant Affairs, OCEIA) ay isang kagawaran ng Lungsod para sa patakaran, pagsunod, mga direktang serbisyo, at paggawa ng grant.**

Misyon ng OCEIA na isulong ang mga ingklusibong patakaran at linangin ang mga programa ng tulong sa imigrante na hahantong sa ganap na pansibiko, pang-ekonomiya, at pang-wikang integrasyon.

# Mga Lokal na Mapagkukunan para sa Mga Imigrante



# Mga Lokal na Batas at Suporta para sa Mga Imigrante sa SF

OCEIA

- **Ordinansa ng Sanctuary City** (1989)
    - Ordinansa sa Due Process (2013)
- **Komisyon sa Mga Karapatan ng Mga Imigrante** (1997)
- **Ordinansa sa Access sa Wika** (2001)

# Sanctuary City sa Aktuwal

OCEIA

Sa ilalim ng **Ordinansa sa Lungsod at County na Refuge, *aka ang Ordinansa sa Sanctuary City*,** Hindi magagamit ng mga empleyado ng Lungsod ang mga pondo o mapagkukunan ng Lungsod, kasama ang kanilang oras sa trabaho o anumang impormasyong natutunan sa kurso at saklaw ng kanilang trabaho, para tulungan ang pederal na pagpapatupad ng batas sa pagpapatupad ng batas sibil sa imigrasyon, maliban sa mga talagang limitadong sitwasyon.

# Network ng Mabilisang Pagtugon ng San Francisco

**24 na oras na hotline ng Mabilisang Pagtugon ng SF: 415-200-1548**

**Tawagan ang hotline para makahingi ng tulong sa:**

- Emergency na **legal na tulong** para sa isang taong na-detain ng ICE
- Mga kahilingan para sa **accompaniment** sa korte ng imigrasyon at pag-check in sa ICE
- Mga kahilingan para sa agaran at hindi agarang **mga legal na konsultasyon**
- Para iulat ang naobserbahang aktibidad ng pagpapatupad ng imigrasyon sa San Francisco

**I-save ang numero sa iyong telepono para matawagan kapag kinakailangan.** Karaniwang isang tao lang ang sumasagot sa telepono ng hotline ng mabilisang pagtugon. Kaya kung abala ang linya, mangyaring tumawag ulit. Available ang tulong sa maraming wika.

Ang Network ng Mabilisang Pagtugon ng SF ay pinapatakbo ng isang grupo ng mga non-profit na organisasyon sa komunidad mula sa SFILEN at SFILDC. Matuto pa: **sfilen.org/resources/sf-rapid-response-network**

*Maghanap ng Mga Network ng Panrehiyong Mabilisang Pagtugon*

# Mga Pagsasanay at Mapagkukunan Para Malaman ang Iyong Mga Karapatan

OCEIA

**Nakikipag-partner ang Network ng Imigrante sa Usaping Legal at Edukasyon ng San Francisco (San Francisco Immigrant Legal & Education Network, SFILEN) sa mga paaralan, ahensya ng Lungsod, center sa komunidad, at grassroots na organisasyon para mag-alok ng edukasyong nakabatay sa mga karapatan sa mga komunidad ng imigrante sa buong San Francisco.**

**Nagbibigay ang SFILEN ng mga pagsasanay sa mga sumusunod na paksa:**

- Alamin ang Iyong Mga Karapatan
- Mabilisang Pagtugon
- Pang-emergency na Plano ng Pamilya
- *at higit pa*

Para humiling ng pagsasanay o presentasyon, mag-email sa **sfilenetwork@gmail.com**, o kumpletuhin ang application para humiling ng workshop para sa iyong organisasyon na available sa kanilang website: **sfilen.org/about/our-network-2/request-a-workshop**

# Mga Mapagkukunan sa Alamin ang Iyong Mga Karapatan (ipinagpatuloy)

OCEIA

Ang **Center ng Mapagkukunang Legal para sa Imigrante** ay may iba't ibang materyales para turuan ang komunidad at ihanda ang mga indibidwal para sa mga posibleng encounter sa mga awtoridad sa imigrasyon.

**Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kanilang mga materyales at mapagkukunan sa mga karapatan sa komunidad at kung paano maghanda sakaling magkaroon ng mga emergency, bisitahin ang:**

- Mga napi-print na **pulang card** sa walong wika para sa mga miyembro ng komunidad
- Isang **handout na alamin ang iyong mga karapatan** sa **walong wika** para tulungan ang mga pamilya na maghanda para sa posibleng interaksyon sa ICE
- Isang **toolkit sa pagsasanay ng trainer** sa pagdaraos ng presentasyong Alamin ang Iyong Mga Karapatan sa komunidad mo

# Website ng Forum ng Imigrante ng SF

OCEIA

## Website ng mapagkukunan: sf.gov/immigrants

**Ang Website ng Forum ng Imigrante ng SF ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga mapagkukunang may mababang barrier na available sa mga imigrante, asylee, at refugee sa San Francisco.**

**Kasama sa mga mapagkukunan ang:**

- Legal na suporta sa imigrasyon
- Kalusugan
- Pabahay at shelter
- Pagkain
- Alamin ang iyong mga karapatan
- Tulong pinansyal at tulong na pera
- Pagkakakilanlan
- Pag-aaral ng wikang English
- Pag-aalaga ng anak at pamilya
- Pag-develop sa ekonomiya at lakas paggawa
- Transportasyon
- Mga mapagkukunan ng estado at rehiyon

*at higit pa!*

# Mga Pulong sa Forum ng Imigrante ng SF

OCEIA

## Dalawang beses kada buwan na mga online na webinar

**Ang mga pulong sa Forum ng Imigrante ng SF ay mga pagtitipong nakabatay sa paksa para makaugnayan ng mga provider ng serbisyo ang mga kagawaran ng Lungsod at organisasyon sa komunidad tungkol sa mahahalagang mapagkukunan at impormasyon para sa mga komunidad ng imigrante.**

**Huling pulong:**

Noong Setyembre, tinalakay sa Forum ng Imigrante ng SF ang mga update mula sa Network ng Mabilisang Pagtugon ng SF at impormasyong Alamin ang Iyong Mga Karapatan.

Panoorin ang na-record na pulong:
https://bit.ly/sfimmforum_9-24-25

**Susunod na pulong:**

Miyerkules, Disyembre 3, 2025 mula 2:30 - 4:00 p.m.

Magparehistro:
sf.gov/immigrants

# Hub ng Suporta sa Imigrante ng San Francisco

OCEIA

## Maghanap ng libre hanggang abot-kayang legal na tulong sa imigrasyon sa San Francisco: immigrants.sf.gov

**Ang mga organisasyong nakalista sa website na ito ay makakatulong sa mga imigrante na maghanap ng legal na tulong sa imigrasyon.**

- Sa pangkalahatan, abot-kaya o libre ang mga konsultasyon at maaaring saklawin ang mga gastos sa application para sa mga taga-San Francisco.
- Mag-filter ayon sa uri ng imigrasyon at kailangang wika
- Available ang impormasyon sa Hotline ng Mabilisang Pagtugon
- Available gamitin ang buong site sa English, Spanish, Chinese, at Filipino.

# Mga Regular na Workshop sa Imigrasyon sa SF

OCEIA

**Mga Libreng Workshop para sa Mamamayan**

Ang **San Francisco Pathways to Citizenship Initiative** ay nagho-host ng mga libre at regular na workshop na tumutulong sa mga kwalipikadong imigranteng may hawak na green card sa kanilang naturalization application.

Ginagawa ang mga workshop sa iba't ibang lokasyon sa buong San Francisco bawat 2-4 buwan. Available ang suporta sa maraming wika, at nagbibigay rin ng tulong sa waiver sa bayarin ng may mababang kita.

**Para sa impormasyon sa mga paparating na workshop, bisitahin ang: sfcitizenship.org**

**Mga Libreng Klinika ng Permit sa Trabaho**

Nagho-host ang OCEIA ng mga libreng Klinika ng Application sa Permit sa Trabaho na may suporta mula sa mga partner sa komunidad. Sinusuportahan ng mga klinikang ito ang **Mga Asylum Seeker** na mag-apply para sa kanilang Dokumento ng Awtorisasyon sa Trabaho (Employment Authorization Document, EAD).

**Para sa impormasyon sa mga paparating na workshop, bisitahin ang: sf.gov/oceia**

# Tulong sa Bayarin sa Imigrasyon

OCEIA

## Pondo ng Asset sa Misyon

**Kumuha ng loan na walang interes para bayaran ang iyong bayarin sa application sa imigrasyon sa USCIS.**

Available para sa mga sumusunod na petisyon sa imigrasyon:

- DACA
- Citizenship
- Green Card
- Pansamantalang Pinoprotektahang Katayuan (Temporary Protected Status, TPS)
- Mga Petisyon ng Pamilya
- Advance na Parole
- Awtorisasyon sa Trabaho (Employment Authorization, EAD)

Mga Banepisyo ng Paglahok sa Loan:

- Bumuo ng kasaysayan ng credit
- Self-paced na online na pinansyal na edukasyon

Matuto pa: [missionassetfund.org/immigration-programs](missionassetfund.org/immigration-programs)

# Manatiling Konektado:

**May Mga Tanong?**

Mag-email sa **civic.engagement@sfgov.org**

Tumawag sa OCEIA at **415-554-0600**

**I-follow kami sa social media:**

**Instagram:** @sf_immigrants

**Facebook:** @sfgov.oceia

**X/Twitter:** @OCEIA_SF

**Bluesky:** @oceiasf.bsky.social

**Website: sf.gov/oceia**

OCEIA

SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY

# Makipag-ugnayan sa SFHSA

**Pangkalahatang Impormasyon: (415) 557-5000**

**Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan ng Serbisyo ng SFHSA:**
**SFHSA.org/Contact**

**I-follow kami sa social** para sa mga pinakabagong update sa serbisyo:
**@SFHumanServices**



# May Mga Tanong?

SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY

# Appendix

# Pagiging Kwalipikado sa CalFresh sa Isang Sulyap

| Sino ang Maaaring Maging Kwalipikado | Katayuan sa Imigrasyon | Mga Alituntunin sa Kita/Sambahayan * | Uri ng Benepisyo |
|---|---|---|---|
| Mga walang asawang nasa hustong gulang na 18+ | Mga mamamayan, mag-aaral, permanenteng residente, refugee, asylum seeker | Halimbawa: Maximum na $2,610/buwan | EBT Card |
| Mga walang asawang nasa hustong gulang na 18+ | walang dokumento | Hindi kwalipikado | |
| Mga Pamilya | Mga mamamayan, permanenteng residente, refugee, asylum seeker | Halimbawa: Maximum na $4,442/buwan para sa pamilyang may 3 miyembro | EBT card, nakabatay ang halaga sa laki ng sambahayan |
| Mga Pamilya | Walang dokumento | Hindi kwalipikado – pero maaaring mag-apply ang mga magulang sa ngalan ng mga anak na ipinanganak sa US | |

* Bukod pa sa kita, nakabatay ang halaga ng benepisyo sa laki ng sambahayan. Ang mga gastusin gaya ng mga pagbabayad ng utility bill at suporta sa anak ay maaaring isaalang-alang.

# CalFresh: Iba Pang Pederal na Pagbabago

| Petsa ng Pagkakaron ng Bisa | Pagbabago |
|---|---|
| **Nobyembre 1, 2025** | Nilimitahan ang State Utility Assistance Subsidy (SUAS) at ang automatic standard utility allowance (SUA) sa mga sambahayan ng nakatatanda/may kapansanan. Ang lahat ng iba pa ay dapat may direktang gastusin sa utility na ibabawas sa kita. Ilulunsad sa kabuuan ng taon para sa mga kasalukuyang kaso. |
| **Hunyo 30, 2026** | Pagtatapos ng Healthy Living Program ng CalFresh. |
| **Oktubre 1, 2026** | Babawasan mula 50% at magiging 25% ang pederal na pagpopondo para suportahan ang mga gastusin sa pagpapatakbo ng CalFresh (mga system, tauhan, overhead, atbp.). |
| **Oktubre 1, 2027** | Dapat bayaran ng California ang porsyento ng mga benepisyo ng CalFresh batay sa sliding scale kung ang Rate ng Error sa Pagbabayad (Payment Error Rate, PER) mula sa naunang tatlong taon ay nasa o mas mataas sa 6%. |
| **Oktubre 1, 2027** | Kinakailangan ng pagiging neutral ng gastusin para sa mga pagtataas ng allotment ng CalFresh. |

# Pagiging Kwalipikado sa CalWORKs sa Isang Sulyap

| Sino ang Maaaring Maging Kwalipikado | Katayuan sa Imigrasyon | Mga Alituntunin sa Kita/Mapagkukunan | Uri ng Benepisyo |
|---|---|---|---|
| Mga walang asawang nasa hustong gulang | Mga mamamayan, permanenteng residente, refugee, asylee | Hindi kwalipikado | Hindi kwalipikado |
| Mga walang asawang nasa hustong gulang | Walang dokumento | Hindi kwalipikado | Hindi kwalipikado |
| Mga pamilyang may mga anak | Mga mamamayan, permanenteng residente, refugee, asylum seeker | Halimbawa: Maximum na $1,829/buwan para sa pamilyang may 3 miyembro<br><br>Halimbawa: Maximum na $12,137 sa mga mapagkukunan (o $18,206 kung may senior o taong may mga kapansanan sa pamilya) | CalWORKs |
| Mga Magulang | Walang dokumento | Hindi kwalipikado maliban kung may catastrophic na sakit – pero maaaring mag-apply sa ngalan ng mga anak na ipinanganak sa US | CalWORKs |
| Mga taong buntis sa ika-1 hanggang ika-3 Trimester | Mga mamamayan, permanenteng residente, refugee, asylum seeker | Parehong mga alituntunin gaya sa mga pamilyang may mga anak | CalWORKs |

# JobsNOW! Pagiging Kwalipikado sa Isang Sulyap

| Sambahayan | Pagiging Kwalipikado | Mga Alituntunin |
|---|---|---|
| Mga walang asawang nasa hustong gulang | Awtorisadong magtrabaho sa U.S., 18 taong gulang o mas matanda. | Awtomatikong kwalipikado kung nakatala sa: CalFresh, CalWORKs, o CAAP |
| Mga walang asawang nasa hustong gulang | Walang dokumento | Hindi kwalipikado |
| Mga pamilyang may mga anak | Awtorisadong magtrabaho sa U.S., 18 taong gulang o mas matanda. | Nakatala sa: CalFresh, CalWORKs, o CAAP |
| Mga pamilyang may mga anak | Walang dokumento | Hindi kwalipikado – pero maaaring lumahok sa programa ng pagkakaroon ng kita |